San Diego Foundation

Pag-unawa sa Measure B.



Photo Courtesy of Surfrider Foundation and Veriditas Rising





Kunin ang mga Katotohanan sa
SDFoundation.org/MeasureB

Ano ang mga tinatatong ng mga botante.

Q: Bakit kasama ang Measure B sa balota para sa Nobyembre 2026?

A: Ang Measure B ay kwalipikado bilang isang inisyatibo na pinamumunuan ng mamamayan matapos makalap ng sapat na balidong lagda upang lumabas sa balota.

Q: Ano ang gagawin ng Measure B?

A: Kung maaaprubahan, lilikha ito ng isang nakalaang lokal na mapagkukunan ng pondo para sa mga mahahalagang serbisyo at makakatulong na matugunan ang krisis sa imburnal sa Ilog Tijuana.

Q: Anong mga pagbili ang sisingilin ng buwis?

A: Kasama sa mga pagbiling napapailalim sa sales tax ang mga bagay na nasasalat tulad ng mga elektronikong kagamitan at muwebles. Karamihan sa mga grocery at mga gamot na may reseta, upa at mga utility ay hindi napapailalim sa buwis ng pagbebenta.

Q: Paano makakasiguro ang mga botante na ang pondo ay magagastos ayon sa nilalayon?

A: Kabilang sa hakbang ang malayang pangangasiwa, mga taunang pag-audit, at pampublikong pag-uulat.

Q: Ano ang mangyayari kung maaprubahan ang Measure B?

A: Kokolektahin ng county ang kalahating sentimong kita mula sa buwis sa pagbebenta sa isang espesyal at nakalaang pondo para sa mga mahahalagang serbisyong tinukoy sa measure.

Q: Ano ang mangyayari kung hindi maaprubahan ang Measure B?

A: Hindi mangyayari ang kalahating sentimong buwis sa pagbebenta, at hindi magagawa ang nakalaang pondo para sa mga mahahalagang serbisyo sa ilalim ng measure.

Q: Saan ako maaaring matuto nang higit pa?

A: Bisitahin ang SDFoundation.org/MeasureB para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Measure B at SDVote.com para sa opisyal na impormasyon tungkol sa halalan at pagboto.

Kalahating sentimo. Limang kritikal na pangangailangan.

Hinihiling ng Measure B sa mga botante na isaalang-alang ang kalahating sentimong buwis sa pagbebenta sa buong county para sa mga mahahalagang serbisyo.

Mga pagbawas at pagbabago sa pederal na pondo

$300M

Tinatayang kakulangan sa badyet para sa San Diego County

Ang iminumungkahi ng Measure B

½ sentimo

Buwis sa pagbebenta sa buong county

$400–$450M

Tinatayang taunang kita kung aaprubahan ng mga botante

60%

Pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa bata, seguridad sa pagkain at mga serbisyong pampamilya



22.5%

Tugon sa krisis sa imburnal ng Ilog Tijuana

16%

Kaligtasan ng publiko, pag-iwas sa sunog sa kagubatan at pagtugon sa krisis

1.5%

Administrasyon at pangangasiwa

Kunin ang mga Katotohanan sa SDFoundation.org/MeasureB

Higit pa sa mga numero

Ang mga isyung ito ay nakakaapekto sa mga tao sa buong San Diego County araw-araw. Narito kung bakit mahalaga ang mga ito at kung ano ang popondohan ng Measure B kung aaprubahan ito ng mga botante.

Krisis sa Sewage sa Tijuana River



Bakit ito mahalaga
Ang krisis sa imburnal ng Ilog Tijuana ay tumagal nang ilang dekada. Isinasara nito ang mga dalampasigan, nakakaapekto sa mga kapitbahayan at negosyo at lumilikha ng mga alalahanin sa kalusugan.

Ano ang mapopondohan nito
Mga proyekto upang makuha at maayos ang dumi sa sewage, mapabuti ang kalidad ng tubig, maibalik ang tirahan at alisin ang latak at basura.

Pag-access sa Pangangalaga sa Bata



Bakit ito mahalaga
Ang abot-kayang pangangalaga sa bata ay nakakatulong sa mga magulang na magtrabaho at sa mga bata na matuto. Ngunit ang pangangalaga, lalo na para sa mga sanggol at paslit, ay maaaring mahirap hanapin at kayang bayaran.

Ano ang mapopondohan nito
Mga voucher sa pangangalaga ng bata na pinili ng magulang, mga stipend upang matulungan ang mga provider na magrekrut at mapanatili ang mga kawani at mga serbisyo sa kalusugan ng mga bata.

Abot-kayang Healthcare

Bakit ito mahalaga
Ang mga pagbabago sa healthcare ng pederal ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng Medi-Cal sa ilang taga-San Diego. Mas maraming tao ang maaaring bumaling sa mga klinika sa komunidad at iba pang mga lokal na programa sa kalusugan para sa pangangalaga.

Ano ang mapopondohan nito
Pangangalaga sa bahay para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan, healthcare para sa mga walang insurance na taga-San Diego at mga serbisyong nasa antas ng Medicaid.

Siguridad sa Pagkain

Bakit ito mahalaga
Tumataas ang mga gastos sa grocery. Ang mga pagbabago sa pederal na batas ay maaari ring maging sanhi ng pagkawala ng mga benepisyo sa pagkain ng libu-libong taga-San Diego.

Ano ang mapopondohan nito
Tulong sa pagkain para sa mga pamilyang nag-aaplay at pinapanatili ang mga benepisyong inaasahan nila upang makapaghanda ng pagkain.

Pampublikong Siguridad

Bakit ito mahalaga
Kapag may mga emergency, umaasa ang mga taga-San Diego sa mga bumbero, tagapagpatupad ng batas, at iba pang mga unang tagatugon para sa tulong.

Ano ang mapopondohan nito
Paghahanda sa sunog, pag-iwas sa sunog sa kagubatan, pagpapatupad ng batas at mga komunikasyon sa emerhensiyang 9-1-1.

San Diego Foundation

Mga nakalistang Kasosyo sa Komunidad

Casa Familiar · The Chicana Federation · CDA · Environmental Health Coalition · Lifeline Community Services · MAAC · The Center

Kunin ang mga Katotohanan sa
SDFoundation.org/MeasureB

Isang gabay sa botante na walang kinikilingan mula sa San Diego Foundation sa pakikipagtulungan ng mga kasosyo sa komunidad.